3

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa GMRC

Kuwarter 2

Linggo 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 3**
**Kuwarter 2: Linggo 5**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Leander Penaso Marquez
**Tagasuri:** Janet N. Suaverdez
**Tagaguhit:** Eric de Guia
**Tagalapat:** Rogelio D. Arcelon Jr., Ferdinand D. Astelero

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 5

## PAKIKIISA


### UNANG ARAW

Tingnan ang larawan at pagkatapos ay pakinggan ang sasabihin o babasahin ng guro ukol dito.

1.



2.



Basahin ang maikling sanaysay at pagkatapos ay pakinggan ang sasabihin o babasahin ng guro ukol dito.

## Ang Relihiyoso Kong Kaibigan

Oras na ng uwian ngunit kabilang kami ng kaibigan kong si Nathan sa mga naatasan na maglinis ng aming silid-aralan bago umuwi. "Bilisan natin magwalis," sabi ni Nathan. "Kailangan kong makauwi agad," dagdaag pa niya. "Bakit ka nagmamadali, Nathan?" tanong ko. Marami pa kasi akong gagawin pag-uwi ng bahay at kailangan kong matapos ang mga iyon agad dahil maaga akong matutulog.

"Ha!, bakit maaga kang matutulog eh wala naman tayong pasok bukas," nagtataka kong tanong. "Kailangan ko rin kasing gumising ng maaga kasi magsisimba kaming pamilya," sagot ni Nathan. Namangha ako sa sinabi ni Nathan.

"Ang galing naman. Sama-sama kayong nananalangin", sabi ko. "Oo, ganun na talaga ang nakasanayan naming. Iyon din kasi ang turo ng mga lolo at lola ko sa mga magulang ko," kuwento ni Nathan. "May mga pagkakataon nga na sama-sama rin kaming nagsasakripisyo," dagdag pa ni Nathan. "Sakripisyo? Anong sakripisyo?" tanong ko.

Napangiti si Nathan. “May mga pagkakataon na hindi kami kumakain ng isang beses sa isang araw dahil itinuturing naming itong sakripisyo at mahalagang paniniwala ng aming relihiyon. Bukod dito, sama-sama rin kaming nagdarasal,” paliwanag ni Nathan. “

Lumaki ang aking mga mata dahil may naalala ako sa kinuwento ni Nathan. “Oo nga! Nakikita ko rin iyan na ginagawa ng mga lolo at lola ko. Ngayon ko lang nalaman na bahagi pala iyon ng relihiyon at paniniwala ng pamilya namin,” saad ko.

“Ayun naman pala, ganon din pala sa inyo,” sabi ni Nathan. “Kaya halika na at bilisan na natin ang pagwawalis para maaga tayong makauwi,” yaya niya. “Tara!” sagot ko, at dali-dali na naming ipinagpatuloy ang aming pagwawalis.

## Gawain 1


Maglista ng mga gawaing panrelihiyon na iyong ginagawa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

### Mga Ginagawa Kong Gawaing Panrelihiyon

1. ______________________________________.
2. ______________________________________.
3. ______________________________________.
4. ______________________________________.
5. ______________________________________.
6. ______________________________________.
7. ______________________________________.
8. ______________________________________.
9. ______________________________________.
10. ______________________________________.

## IKALAWANG ARAW

Tingnan ang mga larawan at pagkatapos ay pakinggan ang sasabihin o babasahin ng guro ukol dito.

1. 

2. 

Basahin ang maikling sanaysay at pagkatapos ay pakinggan ang sasabihin o babasahin ng guro ukol dito.

## Araw ng Pagsamba

"Nathan. Nathan. Gising na." Nagising si Nathan sa pagyugyog ng nanay niya sa kaniyang balikat. "Bakit po, nanay?" inaantok pang tanong ni Nathan. "Bumangon ka na at tanghali na. Pupunta tayo sa simbahan," sagot ng nanay ni Nathan.

Dali-daling bumangon si Nathan. "Naku, pasensya na po, nanay. Napahimbing po ang tulog ko. Saglit lang po at gagayak na po ako," sabi ni Nathan. Dumiretso si Nathan sa banyo upang maligo at maya-maya pa ay nakabihis na. "Handa na po ako, Nanay!" sabi ni Nathan.

"Mabuti at mabilis kang kumilos, Nathan. Hinihintay na tayo ng tatay at mga kapatid mo sa tabing kalsada," saad ng nanay ni Nathan. "Pakikuha mo nga ang libro ng mga panalangin na nasa ibabaw ng mesa pati na rin ang sobre na lalagyan natin ng donasyon sa simbahan." Sinunod naman ni Nathan ang sinabi ng kaniyang nanay. "Ito na po ang mga ipinakuha niyo, Nanay," saad ni Nathan habang inaabot ang mga kinuha sa mesa.

"Salamat, Nathan. Tayo na at baka tanghaliin pa tayo sa daan," sabi ng nanay ni Nathan.  "Tara po, Nanay,"

sang-ayon ni Nathan. At sama-samang naglakad si Nathan at ang kaniyang pamilya patungo sa simbahan.

## Gawain 1

Isulat ang tsek (✓) kapag ginagawa mo ang gawaing panrelihiyon at isulat ng ekis (X) kapag hindi mo ginagawa ang gawaing panrelihiyon sa sagutang papel. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

### Mga Gawaing Panrelihiyon

1. Magdasal ___________
2. Magsimba/Sumamba ___________
3. Magbigay ng donasyon ___________
4. Magbasa ng banal na aklat ___________
5. Magsakripisyo ___________
6. Pag-awit ng awiting pagsamba ___________
7. Pagtugon sa dalangin ___________
8. Pagrespeto sa pook dalanginan __________
9. Pagsunod sa utos ng Diyos ___________
10. Pagrespeto sa mga gawaing panrelihiyon ______

## Gawain 2

Punan ang patlang ng gawaing panrelihiyon na iyong nais na gampanan kasama ang kasapi ng iyong pamilya. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Nais kong _____________ kasama ang aking mga magulang.
2. Nais kong _____________________ kasama ang aking kapatid.
3. Nais kong __________________ kasama ang aking lolo o lola.
4. Nais kong _______________________ kasama ang aking tito o tita.
5. Nais kong ____________________________ kasama ang aking pinsan.

## IKATLONG ARAW

Tingnan ang larawan at pagkatapos ay pakinggan ang sasabihin o babasahin ng guro ukol dito.

1.



2.



3.



Basahin ang maikling sanaysay at pagkatapos ay pakinggan ang sasabihin o babasahin ng guro ukol dito.

## Sa Simbahan

Pagadating sa simbahan, agad-agad na naghanap sina Nathan ng mauupuan. Dahil medyo maaga pa sila, nakaupo ang kanilang buong pamilya.

Makalipas ang ilang sandali pa ay nagsimula na ang mga gawain. Nakiisa si Nathan sa pananalangin. Kumanta

rin siya at tumutugon sa mga bahagi ng panalangin na kailangan ng tugon.

Nagbigay din si Nathan ng donasyon para sa simbahan. Ito ay donasyon na ng kaniyang buong pamilya. Nang matapos ang panalangin ay nagmano si Nathan at ang kaniyang mga kapatid sa kanilang nanay at tatay. Nagmano rin sila sa mga matatandang kakilala nila at gayon din sa namuno sa panalangin.

Bago lumabas ng pook dalanginan, kumuha si Nathan ng kandila at sinindihan ito. Nagdasal siya ng taimtim at isinama sa kaniyang mga panalangin ang kaniyang pamilya, mga kamag-anak, kaibigan, at mga mahal sa buhay. Ipinagdasal din ni Nathan ang mga namumuno sa bansa at ang mga nangangailangan. Sabay-sabay sila ng kaniyang pamilyang lumabas matapos niyang magdasal at naglakad na pauwi sa bahay.

## Gawain 1

Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Punan ang bawat patlang ng inaasahang kilos nang may pagkukusa sa paaralan na makatutulong sa pagpapaunlad ng mga kasanayan at ugnayan sa kapuwa. Sundan ang halimbawa. Huwag mahihihiyang

humingi ng tulong sa guro kung hindi alam ang gagawin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Halimbawa:** Si Titser ay nagdarasal. Ako ay ________________________________________________.

Si Titser ay nagdarasal. Ako ay hindi mag-iingay upang hindi makaistorbo sa pagdarasal.

1. Si Nanay ay magsisimba/sasamba. Ako ay ________________________________________________ ____________________________________.
2. Si lolo ay nagbabasa ng banal na libro. Ako ay ________________________________________________ ____________________________________.
3. Ang aking kapatid ay hindi nakikinig sa namumuno sa pananalangin. Ako ay ________________________________________________ ____________________________________.
4. Ang aking pinsan ay hindi alam ang gagawin kapag oras ng panalangin. Ako ay ________________________________________________ ____________________________________.
5. Ang aking tito at tita ay nangagalap ng donasyon na ibibigay sa simbahan. Ako ay ________________________________________________ ____________________________________.

## Gawain 2

Punan ang **unang** patlang sa pangungusap ng kasapi ng pamilya at ang **ikalawang** patlang ng gawaing panrelihiyon na ginagawa ng kasapi ng pamilya na iyong isinulat sa unang patlang. Punan ang **ikatlong** patlang sa pangungusap ng gawaing panrelihiyon na ipinapangako mo na iyong gagawin mamaya pag-uwi sa bahay hanggang kinabukasan bago pumasok sa klase. Siguraduhin na ang ilalagay mong gawain ay kaya mong tuparin. Paguwi sa bahay, gawin mo ang naipangako mong gawain at ibahagi ang iyong karanasan sa klase kinabukasan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Halimbawa:** Habang si __________ ay ____________, ako ay ________________________________________________.


Habang si <u>Nanay</u> ay <u>nagdarasal</u>, ako ay <u>sasama sa pagdarasal</u>.

1. Habang si ____________________ ay ___________________, ako ay ____________________________________.
2. Habang si __________________, ako ay________________.
3. Habang si ____________________ ay _______________, ako ay _________________________________________.
4. Habang si _____________________ ay _________________, ako ay ____________________________________.
5. Habang si ____________________ ay ____________________, ako ay ____________________________________.

## IKAAPAT NA ARAW

Tingnan ang larawan at pagkatapos ay pakinggan ang sasabihin o babasahin ng guro ukol dito.


1.



2.



3.



Basahin ang maikling sanaysay at pagkatapos ay pakinggan ang sasabihin o babasahin ng guro ukol dito.

## Sama-sama Ang Pamilya Naming Nanalangin

"Nathan! Nathan!" tawag ko sa aking kaibigan habang pumipila para sa *flag ceremony*. "Ano yun?" tanong ni Nathan habang papalapit sa akin. "Dito ka na pumila, may sasabihin ako sa'yo," sagot ko. "Sige," sagot ni Nathan. Pumila si Nathan sa unahan ko.

"Ano yung sasabihin mo?" tanong ni Nathan. "Naengganyo kasi akong magsimba dahil sa kuwento mo noong nakaraang araw. Kaya niyaya ko ang pamilya ko na magsimba kahapon," sagot ko. "Talaga? Kamusta?" tanong ni Nathan. "Ang saya at ang gaan sa pakiramdam na sama-sama kaming nagdasal!" masaya kong tugon.

"*Wow*! Kuwentuhan mo naman ako mamaya sa *recess*," sabi ni Nathan. "Sige, pangako yan!" sagot ko.

Halika, kuwentuhan natin si Nathan!

## Gawain 1

Sagutin ang mga tanong nang malinaw at matapat. Huwag mahihiyang magtanong sa guro kung may tanong na hindi maintindihan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang nararamdaman mo habang ginagawa ang mga gawaing panrelihiyon?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________

2. Ano ang reaksyon ng kasapi ng iyong pamilya sa iyong ginawa?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________

3. Ano ang natutunan mo sa iyong karanasan?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________

4. Bakit mahalaga ang pakikiisa sa gawaing panrelihiyon?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________

5. Paano mo higit na maipapakita ang pakikiisa sa paniniwala ng pamilya sa mga susunod na araw?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________